# SAMUT-SAMOT RESOURCES TERMS OF USE

Samut-samot allows its visitors to download various educational materials (e.g., worksheets, activity pages, lesson sheets, reference materials, graphic images, resources for on-screen viewing, etc.) for personal, home, and multi-classroom use. When visitors or users download a resource from Samut-samot, it is understood that they agree to abide by the Terms of Use indicated below.

Why does Samut-samot have Terms of Use? The artists given credit in the blog posts or Credits Page own the copyrights to the clip art images and/or fonts in the resource. The owner of Samut-samot has agreed to abide by their Terms of Use. Violation of the Terms of Use below is also an infringement of their copyrights.
In the Terms of Use below, the term 'resource' refers to the downloadable digital version (soft copy) of the educational material.

**Copyrights**

1. Users are not granted copyrights. Unless otherwise stated, the text in the resource remains the intellectual property of the owner of the website.
2. Where applicable, the clip art images and fonts used in the resource remain the intellectual property of the artists indicated in the blog post or Credits Page of the resource.
3. If there is no Credit Page in the resource, it is understood that the owner of the website owns the copyright to the text and images in it.
4. Some images in a resource may be public domain. In such cases, no attribution is required and commercial use by Samut-samot is allowed.

**Non-commercial Use**

1. Users may not resell the resource, copy or alter it, and claim it as their own, or use it to create derivative works which would infringe on intellectual copyrights.
2. Users of the resource are permitted to print (unless stated otherwise) and photocopy its pages for personal use, home use, multi-classroom use, or use in educational environments with the condition that the website address (samutsamot.com) and/or copyright mark and name are not covered, removed, or modified.
3. Users of the resource may not sell its printed pages or pages reproduced from photocopying or other processes for profit or for any commercial use.
4. Users of the resource may not distribute printed pages or pages reproduced from photocopying as part of modules or workbooks that will be sold or distributed for free outside their home, classroom, tutorial center, or teaching area. However, students/tutees and their parents may take home completed (answered) resource pages.
5. Unauthorized use of the resource may give rise to a claim for damages and/or be a criminal offense.

**Sharing**

1. Users of the resource are granted a single and nontransferable license to use it. They are prohibited from giving it or a digital copy of it to someone else for free, for sale, or for any commercial purpose. This prohibition includes, but is not limited to, electronic file transfers such as email attachments or sharing through a website, cloud, or network.
2. Users of the resource are prohibited from uploading it or any part of it onto any other website such as, but not limited, to Scribd or SlideShare, or any cloud storage or file sharing sites such as, but not limited to, Google Drive, Dropbox, OneDrive, Mega, or pCloud where third parties can download the product. The artists given credit in the blog posts or Credits Page own the copyrights to the clip art images and/or fonts in the resource. Uploading the resource or any part of it in another website is also an infringement of their copyrights.

# SAMUT-SAMOT RESOURCES TERMS OF USE

3. Users of the resource are prohibited from sharing it with others, such as other teachers or parents. However, sharing with a spouse is allowed. Please provide a link to the website instead.
4. Users of the resource may provide a direct link to the blog https://samutsamot.com/ if they are reviewing the resource or recommending it through social media websites.

**Storing**

1. Users of the resource may copy and store this product in another device that is theirs for personal and private use. A third party must not be able to access the resource.
2. For paid resources, Samut-samot and the author or authors cannot be held responsible for the loss, accidental deletion, or damage of the product after its initial receipt through email.

Questions regarding the allowable use of the resources from this website should be emailed to samutsamot.mom@gmail.com.

**CREDITS**

The author of the text in this product is Samut-samot Mom, the owner of the WordPress blog **samutsamot.com**. This product was created using licensed graphics and fonts from the artists below. It is a violation of copyright law to copy and use the graphics for other purposes. If you are interested in using them for your own work, you can purchase them from the artist's online stores. The links are provided below.

https://www.teacherspayteachers.com/Store/Littlered

https://www.teacherspayteachers.com/Store/Kari-Bolt-Clip-Art

https://www.teacherspayteachers.com/Store/Kimberly-Geswein-Fonts

**Pangalan** ______________________ **Petsa** ____________

# Magbasa tayo!



## ANG PAGBABAHIN NI PABLING

Si Pabling ay isang batang matsing. Nakatira siya sa isang gubat kasama ang kanyang mag-anak na matsing. Mahilig maglaro sa gubat si Pabling. Gusto niya ang paglalambitin sa mga sanga at baging. Mahilig din siya maglaro sa sahig ng gubat.

Isang umaga, biglang nagising si Pabling dahil sa kanyang pagbabahin. "HAT-SING! HAT-SING! HAT-SING!" Narinig siya ng kanyang Kuya Pedring.

"O, Pabling. Bakit ka bumabahin?" tanong ni Kuya Pedring.


"Hindi ko nga alam, Kuya. Bigla na lang akong naha—HA—HAT-SING!"

"Alam ko na, Pabling. Upang matigil ang iyong pagbabahin, lumambitin ka sa isang baging," payo ng kanyang Kuya Pedring.

"Sige, Kuya! HAT-SING! Gagawin ko ang sinabi mo! Lalambitin ako sa isang baging hanggang tumigil ang aking pagha—HA—HAT-SING!" sagot naman ni Pabling.

At iyon nga ang ginawa ni Pabling. Matagal siyang lumambitin sa isang baging, ngunit tuloy pa rin ang kanyang pagbabahin.

"HA...HA...HAT-SING! HAT-SING!"




Hindi nagtagal, napadaan ang kanyang ate matsing na si Ate Ningning. Napatingala siya kay Pabling na nakalambitin sa baging.

"Hoy, Pabling! Anong ginagawa mo riyan?" tanong ng kanyang Ate Ningning.

samutsamot.com

## Magbasa tayo!



“Ate Ningning, kanina pa—HAT-SING!—kasi ako bumabahin. Payo ni Kuya Pedring—HAT-SING!—na lumambitin ako sa isang baging—HAT-SING!—para matigil ang aking pagbabahin. Pero...parang wala naman—HAT-SING!—epekto itong ginagawa ko,” malungkot na sagot ni Pabling, sabay singhot.

“Ay, naku! Naniwala ka naman sa iyong Kuya Pedring. Binibiro ka lang niya. Hindi lunas sa pagbabahin ang paglalambitin sa baging,” sabi ni Ate Ningning.

“Hindi, Ate? Eh, ano ang—HAT-SING!—magagawa ko para matigil ito? Namumula na nga—HAT-SING!—ang ilong ko!” tanong ng nakakaawang Pabling.


“Ang dapat mong gawin para matigil ang iyong pagbabahin ay kumain ng sampung saging,” payo ni Ate Ningning.

“Ha? Sampung—HAT-SING!—saging? Sa bagay, nagugutom na rin ako. HAT-SING!” sagot naman ni Pabling.

Bumaba si Pabling mula sa baging at naghanap ng puno ng saging. Nakahanap siya ng puno na may maraming saging. Pumitas siya ng sampung saging. Kinain niya ang bawat isa habang patuloy siyang bumabahin.

“Ika-sampung saging—HAT-SING!—ko na ito. Bakit ayaw pa rin mawala ang aking—HAT-SING!?” Busog ngunit malungkot na naglakad pauwi si Pabling habang patuloy ang kanyang pagbabahin.

Mula sa paanan ng kanilang tahanan na puno, narinig ng ina ni Pabling ang kanyang pagbabahin. Sinalubong niya si Pabling.



## Magbasa tayo!



“Pabling, anak, mukhang malubha ang iyong pagbabahin,” sabi ng ina ni Pabling.

“Opo, Mama. Kanina pa po ito. HAT-SING! Sabi ni Kuya Pedring lumambitin ako sa baging. Pero hindi naman po tumigil ang aking—HAT-SING! Sabi naman po ni Ate Ningning, kumain ako ng sampung saging. Pero hindi pa rin po tumigil ang aking—HAT-SING! Mama, ano po ang aking gagawin? HAT-SING!” pakiusap ni Pabling sa kanyang ina.

“Hay, Pabling. Ikaw lang ang makapipigil sa iyong pagbabahin. Hindi mo ba nahalata na ikaw ay gusgusin? Ilang araw ka na bang hindi naliligo? Marumi at maalikabok na ang iyong katawan. Ang alikabok na iyan ay pumapasok sa iyong ilong kaya ikaw ay bumabahin,” paliwanag ng ina ni Pabling.

Naalala ni Pabling na maalikabok ang kanyang katawan dahil sa paglalaro sa sahig ng gubat. “Ay, Mama! Paumahin po! HAT-SING! Matagal na akong hindi naliligo! HAT-SING! Pupunta muna po ako sa ilog!”

Mabilis na tumakbo si Pabling sa ilog na malapit sa kanilang tahanan. Matagal siyang naligo roon. Hinugasan niya nang mabuti ang bawat bahagi ng kanyang katawan. Nahalata ni Pabling na hindi na siya bumabahin.

“Hay, salamat! Tumigil na rin ang aking pagbabahin. Mula ngayon, madalas na akong maliligo,” pangako ni Pabling sa kanyang sarili.

“Nabiro ako ni Kuya Pedring. Hindi naman paglalambitin sa baging ang lunas sa pagbabahin. Nabiro rin ako ni Ate Ningning. Hindi naman sampung saging ang lunas sa pagbabahin. Buti na lang, tinulungan ako ni Ma—HIK! Ay, naku! Sinisinok ako! HIK!”

WAKAS

**Pangalan** ______________________________ **Petsa** _________________



**Kaya mo ito!**

## Pagsusulit Tungkol sa Binasa

A. Ayusin nang sunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwento. Isulat ang mga bilang 1 hanggang 10 sa patlang.

____ Pinayuhan ni Ningning si Pabling na kumain ng maraming saging.

____ Naligo si Pabling sa ilog.

____ Hindi pa rin tumitigil ang pagbabahin ni Pabling.

____ Lumambitin si Pabling sa baging dahil sa payo ni Pedring.

____ Sinabi ng ina ni Pabling ang dahilan ng kanyang pagbabahin.

____ Kumain si Pabling ng maraming saging.

____ Tumigil ang pagbabahin ni Pabling.

____ Umuwi si Pabling na patuloy ang kanyang pagbabahin.

____ Nagising si Pabling ng kanyang paghahatsing.

____ Si Pabling ay kinausap ng kanyang ina.

B. Buuin ang pangungusap ayon sa mga pangyayari sa kuwento. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Si Pabling ay isang batang __________ .
   a. kambing b. baboy c. matsing
2. Hindi tumitigil ang __________ ni Pabling.
   a. pagtatawa b. pagbabahin c. paglalaro
3. Pinayuhan siya ni Kuya Pedring na __________ sa baging.
   a. lumambitin b. maglaro c. kumain

**Pangalan** ______________________ **Petsa** ____________

**Kaya mo ito!**

4. Pinayuhan siya ni Ate Ningning na kumain ng ________ .
   a. siyam na saging  b. pitong saging  c. sampung saging
5. Sabi ng ina ni Pabling, si Pabling ay ________ .
   a. gusgusin  b. sinungaling  c. masayahin
6. Ang ________ sa katawan ni Pabling ang dahilan ng kanyang pagbabahin.
   a. balat ng saging  b. baging  c. alikabok
7. Ang ________ sa ilog ay ang lunas sa pagbabahin ni Pabling.
   a. pag-inom  b. pagligo  c. paglalaro
8. Natigil nga ang pagbabahin ni Pabling ngunit siya naman ay ________.
   a. sininok  b. inuubo  c. nahatsing

C. Sagutin ang bawat tanong sa ibaba gamit ang buong pangungusap. Isulat mo ang iyong sagot sa kahon.

1. Ano sa palagay mo ang naramdaman ni Pabling noong hindi matigil ang kanyang pagbabahin?

2. Kapag ikaw ay may problema na hindi mo mahanap ang sagot o lunas, kanino ka madalas humingi ng tulong?